## SOCIAL SECURITY ADMINISTRATION
## Application para sa Social Security Card

# Madali bu AT walang-bayad ang pag-apply ng Social Security card!

### GAMITIN ITONG APPLICATION PARA MAG-APPLY NG:

- **Orihinal** na tarheta ng Social Security
- **Kapalit** na tarheta ng Social Security
- **Pagbabago ng impormasyon** sa talaan mo

**MAHALAGA:** KAILANGAN mong mag-bigay ng kinakailangang katibayan bago namin ipagpatuloy ang application. Sundin ang mga tagubilin sa ibaba sa pagbibigay ng impormasyon at katibayang ka-kailanganin namin.

**UNANG HAKBANG** Basahin ang instructions dito sa application. Ito ay nagsasaad ng mga importanteng impormasyon tungkol sa kung anong katibayan ang dapat mong ibigay, at kung papaano ang pag-kumpleto at ang pagsa-submit ng application.

**IKALAWANG HAKBANG** Kumpletuhin at pirmahan ang application na gamit ang ASUL o ITIM na tinta. **Huwag** gumamit ng lapis o mga iba pang kulay na tinta. Pakalinawan ang paglalathala. Kung ipi-print mo itong application galing sa aming website, ka-kailanganin mong i-print ito sa puting papel na may sukat na 8 ½” x 11” (kung nakatira ka sa labas ng bansa at hindi ka maka-kakuha ng papel na may sukat na 8 ½” x 11”, ang A4 (8.25” x 11.7”) sukat na papel lang ang tatanggaping maaring kahalili.

**IKATATLONG HAKBANG** Ibigay ang kinumpleto at pinirmahang application kasama ng lahat na katibayan sa saan mang tanggapan ng Social Security.

### PAANONG ISA-SUBMIT ITONG APPLICATION

Sa karamihan ng kaso, maari mong ipadala o dalhin ang application kasama ng mga nagpapatunay na katibayan sa saan mang tanggapan ng Social Security. Subalit, kung ikaw ay nakatira sa lugar na malapit sa pinaglilingkuran ng Social Security Card Center, baka ka-kailanganin mong bumisita ng personal dito sa Social Security Card Center at sa lahat ng iyong pangangalakal na ugnay sa SSN. Isasauli namin ang lahat ng katibayan pabalik sa iyo. **MAHALAGA: Kung ikaw ay may edad na labing dalawa 12 o mas matanda pa rito at kahit na kailan hindi nakatanggap ng numero ng Social Security noong una pa man, kailangan kang personal na mag-apply**.

**Kung may katanungan ka** tungkol sa form na ito, o sa pagpapa-tunay na katibayang kailangan namin, maari lang na makipag-alam sa saan mang tanggapan ng Social Security. Makakatulong na tumawag ka muna sa telepono para makatiyak na nasa iyo na ang lahat ng ka-kailanganin sa pag-aapply ng tarheta o ang pagpapalit ng impormasyon sa iyong talaan. Sa pamamahala ng local na telepono, mahahanap mo ang pinaka-malapit na opisina o Social Security Card Center o sa aming website sa www.socialsecurity.gov.

### PANGALAGAAN ANG TARHETA AT NUMERO NG SOCIAL SECURITY MO

Pangalagaan ang tarheta at numero ng SSN mo sa pagkawala o sa mga magnanakaw ng pagkakakilanlan. **HUWAG** dadala-dalahin ang tarheta mo. Itago ito sa ligtas na lugar at dalhin lang ito kung kailangan mong ipakita ang iyong tarheta, e.g. sa pagkuha ng bagong trabaho, pagbu-bukas ng bagong account sa banko, o para makakuha ng benepisyo sa ilan sa mga ahensiya ng U.S. **HUWAG** pababayaang gamitin ng ibang tao ang numero ng Social Security mo na aarin nilang sa kanila na ito.

### TUNGKOL SA IYONG KATUNAYANG KATIBAYAN

Dapat mo kaming pagkalooban ng ka-kailanganin naming katibayan batay na rin sa iyong pakiusap. Kung ang mga katibayan mo ay hindi angkop sa aming pangangailangan, hindi namin maaaring ipag-patuloy ang iyong application.

- Kailangan namin ang mga **ORIHINAL** na katibayan o **pagpapatunay na kopya galing sa tagapag-alaga ng mga talaan.**
- **Hindi kami tumatanggap ng photocopies o ipina-notaryong kopya ng katibayan.**
- Tingnan ang **MGA KATIBAYANG KAILANGAN NAMING MAKITA, sa pahinang 3.**

ORIHINAL NA TARHETA: Sa pag-apply ng **orihinal na tarheta**, kailangan mong mag-bigay **ng humigit kumulang dalawang** katibayang magpa-patunay ng iyong **edad, pagka-kakilanlan,** at **pagiging mamamayan ng U.S. o ganap na may legal na pahintulot, na sa kautusan ng immigration ay maaaring mag-trabaho. Kung ikaw ay hindi mamamayan ng U.S. o hindi ganap na may legal na pahintulot, na sa kautusan ng immigration ay hindi maaaring mag-trabaho, DAPAT mong patunayan na mayroong kang mabisang kadahilanang hindi-dahil sa pagta-trabaho kaya kailangan mong humingi ng tarheta. (Tingnan ang KUNG PAPAANO MAG-KUMPLETO NITONG APPLICATION, sa pahina 2, Item 3.)**

**<u>KAPALIT NA TARHETA:</u>** Sa pag-aapply ng kapalit na tarheta, kailangan mong patunayan ang iyong **pagkaka-kilanlan.** Kung ikaw ay ipinanganak sa labas ng U.S., ka-kailanganin mo ring patunayan na ikaw ay **mamamayan ng U.S. o may legal na pahintulot ng batas, na sa kautusan ng immigration ay maaaring mag-trabaho.**

Kung kailangan mong itama ang ano mang impormasyon sa iyong tarheta ng SSN, o imformasyong nasa sa aming talaan (e.g. ang pagpa-palit ng pangalan, o pinalitang petsa ng kapanganakan), ka-kailanganin mong patunayan ang iyong **pagka-kakilanlan <u>at</u>** magbigay ng **katibayan na tumataguyod sa pagbabago at naitatag na kadahilanan para sa pagbabago (e.g. katibayan ng kapangnakan na nagpapakitang naitama na ang petsa o lugar ng kapanganakan).** Dapat nakalagay sa isang dokumento ukol sa pagbabago ng pangalan (halimbawa, dokumento ukol sa kasal) ang iyong kapwa luma at bagong pangalan. Kung kulang ang impormasyon ukol sa identidad (Tingnan ang IDENTIDAD, Pahina 3), hihingi kami ng isang dokumento ng identidad sa iyong dating pangalan at isa pang dokumento sa iyong bagong legal na pangalan, bukod pa sa dokumento ukol sa pagbabago ng pangalan. Kung ikaw ay ipinanganak sa labas ng U.S., ka-kailanganin mo ring patunayan na ikaw ay **mamamayan ng U.S. o may legal na pahintulot ng batas, na sa kautusan ng immigration ay maaaring mag-trabaho.**

## PAGKUHA SA KAPALIT NA TARHETA NG NUMERO SA SOCIAL SECURITY (SSN) AY MAY HANGGANAN

Ayon sa kautusan ng Batas ng Madla 108-458, **mayroon ng hangganan kung ilan ang makukuhang kapalit ng tarheta ng SSN** na dapat mong matanggap na tatlo 3 bawat taon at sampu 10 sa buong buhay mo. Sa kapasyahan ng hangganang ito, ang SSA ay hindi bibilangin ang pagpapalit ng pangalan (i.e., ang unang pangalan o ang apelyido), o pagpapalit sa naitakdang alamat (i.e., May Bisa para Mag-trabaho na may Kapangyarihan ng DHS, Walang Bisa para Mag-trabaho) na makikita sa tarheta ng SSN. Karagdagan pa dito maaari rin kaming magkaloob ng taliwas na kaukulan batay na rin kung magbibigay ka sa amin ng katibayan para ma-itatag ang pangangailangan mo ng tarheta ng SSN **lagpas sa mga hangganang ito** (e.g., sulat galing sa tanggapan ng panlipunang paglilingkod na nagpapatunay na kailangan mo ng tarheta ng SSN para makakuha ng benepisiyo).

## PAPAANO KUMPLETUHIN ITONG APPLICATION

Halos karamihan ng mga nakasaad na bagay sa form na ito ay may sariling kapaliwanagan. Ang mga nangangailangan ng pagpapa-liwanag ay tinatalakay sa ibaba. Ang mga numero ay katugma ng nakasaad na de-numerong bagay ditto sa form. Kung kinukumpleto mo itong application para sa ibang tao, mangyaring kumpletohin ang lahat ng bagay na angkop para sa taong iyon.

2. Ipakita ang tirahan kung saan mo tatanggapin ang iyong tarheta mula 10 hanggang 14 na araw magmula ngayon.

3. Kung minarkahan mo ang “Legal na Dayuhan na **Walang** Pahintulot na Makapag-trabaho,” kailangan mong magbigay ng alinsunod na kasulatang nagmumula sa U.S. Federal, State, o local na tanggapan ng pamahalaan na nagpa-paliwanag kung bakit kailangan mo ng numero ng Social Security at dapat sapat na matagpuan mo ang <u>lahat</u> ng mga kinakailangan para sa benepisyo ng pamahalaan ng U.S. PUNA: Hindi lahat ng Estado ng U.S. o lokal na benepisiyo ay tinatanggap ang layuning hindi maaring gamitin sa trabahong SSN. Makipag-bigay alam sa SSA para makita kung ang dahilan mo ay karapat-dapat.

   Kung minarkahan mo ang “Other”, kailangan mong mag-bigay ng katibayan galing sa tanggapan ng pamahalaang U.S. na nagpapaliwanag kung bakit ka nanganga-ilangan ng numero ng Social Security at dapat sapat na natagpuan mo ang lahat ng mga kinakailangan para sa karapatan sa benepisiyong nagmumula sa pamahalaan ng Federal na gagamit ng numero ng Social Security bilang batayan para ikaw ay makatanggap ng kabayaran maliban sa mismong numero.

5. Ang pagbibigay ng lahi/ethnic ay kusang loob. Ganuon pa man, kung ipagka-kaloob mo sa amin ang impormasyon, ito ay makakatulong sa paghahanda ng mga estadistikang ulat na kung papaano ang programa ng Social Security ay nakakaapekto sa tao. Hindi namin ibinubunyag ang pagkakakilanlan ng bawat tao sa pahayag na ito.

6. Ipakita ang buwan, araw at kabuuang (4 digit) taon na iyong kapanganakan, halimbawa, “1998” para sa taon ng kapanganakan.

8.B. Ipakita **lang** ang numero ng Social Security ng ina kung ang application ay para sa **orihinal** na tarheta ng Social Security para sa taong wala <u>pang 18 taong gulang</u>. Ganoon pa man, maaring ang bagay na ito ay kahit hindi mo na sagutin kung ang mismong nanay ay walang naitalang numero ng Social Security o kung hindi mo alam ang numero nitong nanay o hindi malaman kung nasaan ito. Maari pa rin naming mabigyan ng nakatalang numero ang taong ito na wala pang 18 taong gulang.

9.B. Ipakita **lang** ang numero ng Social Security ng ama kung ang application ay para sa **orihinal** na tarheta ng Social Security para sa taong wala <u>pang 18 taong gulang</u>. Ganoon pa man, maaring ang bagay na ito ay kahit hindi mo na sagutin kung ang mismong tatay ay walang naitalang numero ng Social Security o kung hindi mo alam ang numero nitong tatay o hindi malaman kung nasaan ito. Maaari pa rin naming mabigyan ng numero ang taong ito na wala pang 18 taong gulang.

13. Kung ang petsa ng kapanganakan na ipinakita mo sa item 6 ay naiiba sa petsa ng kapanganakan na ginamit mo sa iyong naunang application para sa tarheta ng Social Security, ipakita ang petsa ng kapanganakang ginamit mo noong una kang nag-apply at magbigay ng katibayang nagsasaad ng edad para mapatunayan ang iyong petsa ng kapanganakan sa item 6.

16. Ikaw ang mismong **kinakailangang pumirma** ng application. Kung ikaw ay wala pa sa edad na 18, ikaw o ang isa sa magulang mo o ang legal na tagapag-alaga ang maaaring pumirma. kung ikaw ay walang pang-katawan at pang-kaisipang kakayahan para pirmahan ang application, karaniwang isa sa iyong mga magulang, malapit na kamag-anak o legal na tagapag-alaga ang maaring pumirma ng application. Kung hindi mo maipirma ang iyong pangalan, kailangan mo itong markahan ng “X” at sa tabi nito papirmahin ang dalawang taong sumasaksi sa iyong pagmamarka ng “X”. Ipinakikiusap namin na huwag mong baguhin ang iyong pirma sa pagdadagdag ng ano mang idudugtong na kaalaman sa linya ng pagpipirmahan dahil baka ito ang maging sanhi ng pagsasawalang bisa ng iyong application. Tawagan mo kami kung kailangan mo ng pagpa-paliwanag tungkol sa kung sino ang puwedeng pumirma. (Tunghayan ang “importanteng” puna sa ilalim ng katibayan ng **PAGKA-KAKILANLAN** sa pahinang

## MGA KATIBAYANG KAILANGAN NAMING MAKITA

Ang mga sumusunod na listahan ay hindi naman lahat itinatangi. Ganuon pa man, ito ay nagbi-bigay halimbawa kung anong klaseng katibayan ang ka-kailanganin naming makita. **<u>Lahat</u> ng isinasaad na katibayan ay ka-kailanganing matagpuan sa ilalim ng " DAHIL SA IYONG KATUNAYANG KATIBAYAN" sa Pahina 1 sa atasang ma-ipagsa alang alang.** Kung mayroon kang katanungan o kinakailangan mong may maka-usap dahil sa karagdagang mga katibayan, tingnan ang "Kung mayroon kang katanungan" sa pahina 1 pa rin. Ang mga ilan sa sumusunod na katibayan ay **<u>baka</u>** matanggap namin:

**<u>EDAD:</u>** Mas gugustuhin naming makita ang katibayan ng iyong kapanganakan. Ganuon pa man, tatanggapin din namin ang ibang katunayan na nagpapakita ng iyong edad. Ang mga ibang katibayan na maari naming tanggapin ay:

- Talaan sa ospital ng iyong pagsilang (na ginawa sa mismong oras ng kapanganakan mo)
- Talaan sa simbahan na itinatag ang iyong edad bago sumapit ang ika-lima 5 mong kaarawan na nagpa-pakita ng iyong edad o petsa ng kapanganakan
- Pasaporte
- Pang-huling katibayan ng pag-aampon (kailangang nakahiwatig sa talaan ng pag-aampon na ang datos ng iyong kapanganakan ay kinuha sa orihinal na katunayan ng iyong kapanganakan)

Tawagan mo kami para mapayuhan ka namin kung hindi mo makukuha ang isa sa mga katibayang ito.

**<u>PAGKA-KAKILANLAN:</u>** Kailangang makita namin ang katibayan ng pangalang ninanais mong makita sa tarheta ng SSN mo. Karaniwan, ninanais naming makita ang naibigay na pinatunayang katibayan galing sa U.S. Ang katibayang naibigay para maitatag ang pagkakakilanlan ay kinakailangang naglalaman ng iyong pangalan **<u>AT</u>** ito ay nagtataglay ng talambuhay na kaalaman (ang iyong petsa ng kapanganakan, edad, o pangalan ng iyong mga magulang) **<u>o/kaya</u>** pang-katawang kaalaman (litrato, o ang litrato na may pangka-tawang kaalaman—taas, kulay ng mata at buhok, etc). Karagdagan dito, kung nagpadala ka ng katibayan ng pagkakakilanlan na may litrato pero hindi ka personal na dumating, ang katibayang ito ay **<u>kailangang</u>** naglalaman din ng iyong talambuhay na kaalaman (e.g., ang petsa ng iyong kapanganakan, edad, o pangalan ng mga magulang). Para mapangalagaan ang tarheta at numero ng iyong Social Security, ang katibayan ng iyong pagkakakilanlan ay **<u>dapat</u>** kamakailan lang ibinigay sa iyo.

**<u>KAILANGAN</u> NAMIN MAKITA ANG IYONG:**

- lisensiya sa pagmamaneho sa U.S.; **o kaya**
- isang ID card na inisyu ng Estado na hindi isang lisensiya sa pagmamaneho; **o kaya**
- U.S. passport

Kung wala ka ng alinman sa mga dokumentong ito, o kung hindi ka makakuha ng kapalit sa loob ng 10 araw, maaari kaming tumanggap ng ibang mga dokumento tulad ng isang U.S. military identity card, Certificate of Naturalization, o identity card bilang empleyado.

Kung hindi ka mamamayan ng U.S., **<u>kailangan</u>** namin makita ang iyong kasalukuyang dokumento ng imigrasyon para sa U.S. at ang iyong passport mula sa ibang bansa na may impormasyon tungkol sa iyo o retrato.

**KAMI AY HINDI TATANGGAP NG KATIBAYAN NG KAPANGANAKAN, ALA-ALA NA KATUNAYAN NG KAPANGANAKAN NA NAGMULA SA OSPITAL, TARHETA NG SOCIAL SECURITY O STUB NG TARHETA, O TALAAN SA SOCIAL SECURITY bilang pagpa-patunay ng pagkakakilanlan.**

**MAHALAGA:** Kung ikaw ay **nag-aapply ng tarheta para sa ngalan ng ibang tao, kailangan mong mag-bigay ng pagpa-patunay na ikaw ay may nakapanatiling kapangyarihang pumirma sa application sa ngalan ng sino mang taong pagbi-bigyan ng tarheta. At karagdagan dito,** kailangan din naming makita ang pagpa-patunay ng iyong pagka-kakilanlan at para na rin sa sino mang taong pagbi-bigyan ng tarheta.

**<u>MAMAMAYAN NG U.S.:</u>** Karaniwan, tinatanggap namin ang karamihan ng mga katibayang nagpapakitang ikaw ay ipinanganak sa U.S. Kung ikaw ay isang mamamayan ng U.S. na ipinanganak sa labas ng U.S. pakitaan mo kami ng talaan ng iyong pag-silang na nagmumula sa Konsulado ng U.S., pasaporte ng U.S., pagpapatunay ng iyong pagiging mamamayan, o katibayan iyong pagka-mamamayan (naturalized).

**<u>PANG-DAYUHANG KALAGAYAN:</u>** Kailangan naming makita ang kasalukuyang katibayang ibinigay sa iyo ng Department of Homeland Security (DHS) na ipinapakita kung ano ang iyong kalagayan sa immigration, tulad halimbawa ng Form I-551, I-94, I-688B o I-766. Kami ay HINDI tumatanggap ng resibo na nagpapakitang ikaw ay nag-apply para sa katibayang ito. Kung ikaw ay walang pahintulot na makapag-trabaho dito sa U.S., bibigyan ka namin ng tarheta ng Social Security kung ikaw ay narito ng legal na may pahintulot at kailangan mo ng numero para sa may bisang kadahilanan na hindi para makapag-trabaho. (Tingnan ang PAANONG KUMPLETUHIN ITONG APPLICATION, sa item 3). Ang iyong tarheta ay lalagyan ng marka na nagpa-pakitang ikaw ay walang pahintulot na makapag-trabaho. Kung ikaw ay magta-trabaho, ito ay ipagbibigay alam namin sa DHS.

## ANG PAPERWORK/PRIVACY ACT AT ANG IYONG APPLICATION

Ang Privacy Act ng 1974 ay naatasan kaming bigyan ng mga sumusunod na abiso ang bawat tao kapag sila ay nag-aapply para sa numero ng Social Security.

Ang Sections ng 205(c) at 702 ng Social Security Act ay pinahihintulutan kaming kolektahin ang mga katunayang hihingiin namin sa form na ito.

Gagamitin namin ang mga katunayang ipinagkaloob mo sa form na ito para matalagahan ka ng numero ng Social Security at mabigyan ka ng tarheta ng Social Security. Hindi ka namin pipiliting mag-bigay nitong nga katunayan, ganuon pa man, kung wala ang mga ito hindi ka namin mabibigyan ng numero ng Social Security o ng tarheta. Ang Kawalaan ng numero, ay maaaring hindi ka makakakuha ng trabaho at maaari ding hindi ka maka-katanggap sa hinaharap ng mga benepisiyo mula sa Social Security.

Ang numero ng Social Security ay ginagamit din ng Internal Revenue Service para sa pangasiwaang layunin ng buwis na inihahalintulad ang pagka-kakilanlan para sa pagsasagawa ng mga ulat ng kita ng mga taong may kinikita na ipinababatid sa Internal Revenue Service at ng mga katao na inaangking sustentado ng sino man sa ulat ng kanyang kinita para sa pamahalaang Federal.

Maaari kaming magsiwalat ng impormasyon kung kinakailangan sa mga namamahala ng programa ng Social Security, kabilang ang naaangkop na ahensiyang nagpapatupad ng batas upang siyasatin ang mga sinasabing lumalabag sa mga alituntunin ng Social Security; sa mga ibang ahensiya ng pamahalaan para sa pamamahala na nagbibigay ng karapatan sa mga programang pang benepisyo, pang kalusugan at programa ng welfare na katulad ng Medicaid, Medicare, mga benepisyo ng mga beterano, pensiyon ng military, at civil service annuities, black lung, kabahayan, pautang sa estudyante, benepisyo ng pagre-retiro sa railroad at food stamps; duon din sa serbisyo ng Internal Revenue para sa pangangasiwa ng buwis ng pamahalaang Federal; at sa mga pinagta-trabahuhan at mga dating pinagtrabahuhan para maihanda nila ng tama ang mga pag-uulat ng buwis. Kami ay maaari ring magbigay ng impormasyon alinsunod sa batas ng Federal, halimbawa, sa Department of Homeland Security, para malaman kung sino ang mga dayuhan at kung nasaan sila sa U.S.; sa Selective Service System para sa pagpa-parehistrong magsilbi sa military; at sa Department of Health and Human Services para sa pagpapatupad ng sustento sa bata. Maaari naming tiyaking tama ang mga numero ng Social Security sa ahensiya ng State motor vehicle na ginagamit ang numero sa pagbibigay ng mga lisensiya para sa pagmaneho sa kapahintulutan ng Social Security Act. At sa kahuli-hulihan, maaari rin kaming mag-siwalat ng impormasyon sa repsentante ng iyong Kongreso kung sila ay hihiling ng impormasyon para sagutin ang iyong katanungan sa kanila.

Maaari naming gamitin ang impormasyong ibinigay mo sa amin kapag kami ay nag-papares ng mga talaan sa computer. Ang programang pag-paparis ay ang pag-hahambing ng mga tala namin sa mga talaan ng mga ahensiya ng pamahalaang Federal, State o lokal na pamahalaan para tiyakin kung ang tao ito ay maaaring makatanggap ng mga bayad na benepisyong mula sa pamahalaang Federal. Inatasan kami ng batas na gawin ito kahit na hindi ka sang-ayon dito.

Ang mga pagpa-paliwanag tungkol dito at sa iba pang kadahilanan kung bakit ang information na ibinigay mo sa amin ay baka magamit namin o maibigay sa iba ay makukuha sa saan mang tanggapan ng Social Security.

Itong pagkuha ng impormasyon ay sumasapat sa mga kinakailangan ng 44 U.S.C. §3507, na alinsunod sa pagbabago ng Section 2 ng Paperwork Reduction Act of 1995. Hindi mo kailangang sagutin itong mga tanong na ito maliban kung kami ay may ipapakitang may bisang control number ng Office of Management and Budget. Sa tantiya namin ay aabutin ng mga 8.5 hanggang 9.5 na minuto para basahin ang mga tagubilin, tipunin ang mga katotohanan, at sagutin ang mga tanong. *Puwede kang magpadala ng komentaryo tungkol sa aming pagtatantiya ng oras sa itaas sa: SSA, Baltimore, MD 21235-6401.* ***Ipadala lamang sa direksiyong ito ang iyong mga komentaryo tungkol sa aming pagtatantiya ng oras, ngunit hindi ang sinagutang form.***

MGA LIHAM KOREO O IPADALA ANG KINUMPLETONG FORM SA LOKAL NA TANGGAPAN NG SOCIAL SECURITY SA IYONG LUGAR. Ang tanggapan ay nakalista sa direktoryo ng telepono sa ilalim na mga ahensiya ng U.S.Government o puwede mong tawagan ang Social Security sa 1-800-772-1213.
Sa www.socialsecurity.gov maaari ka ring makuha ang address ng lokal na tanggapan ng iyong Social Security.

# SOCIAL SECURITY ADMINISTRATION
# Application for a Social Security Card

Form Approved
OMB No. 0960-0066

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1 | **NAME** TO BE SHOWN ON CARD | First | Full Middle Name | Last |
| | FULL NAME AT BIRTH IF OTHER THAN ABOVE | First | Full Middle Name | Last |
| | OTHER NAMES USED | | | |
| 2 | **MAILING ADDRESS** Do Not Abbreviate | Street Address, Apt. No., PO Box, Rural Route No. | | |
| | | City | State | ZIP Code - |
| 3 | **CITIZENSHIP** (Check One) | ☐ U.S. Citizen ☐ Legal Alien Allowed To Work | ☐ Legal Alien **Not** Allowed To Work (See Instructions On Page 2) | ☐ Other (See Instructions On Page 2) |
| 4 | **SEX** | ☐ Male ☐ Female | | |
| 5 | **RACE/ETHNIC DESCRIPTION** (Check One Only - Voluntary) | ☐ Asian, Asian-American or Pacific Islander ☐ Hispanic | ☐ Black (Not Hispanic) ☐ North American Indian or Alaskan Native | ☐ White (Not Hispanic) |
| 6 | **DATE OF BIRTH** Month, Day, Year | 7 **PLACE OF BIRTH** (Do Not Abbreviate) City | State or Foreign Country | Office Use Only FCI |
| 8 | **A. MOTHER'S NAME AT HER BIRTH** | First | Full Middle Name | Last Name At Her Birth |
| | **B. MOTHER'S SOCIAL SECURITY NUMBER** (See instructions for 8B on Page 2) | ___ - __ - ____ | | |
| 9 | **A. FATHER'S NAME** | First | Full Middle Name | Last |
| | **B. FATHER'S SOCIAL SECURITY NUMBER** (See instructions for 9B on Page 2) | ___ - __ - ____ | | |
| 10 | Has the applicant or anyone acting on his/her behalf ever filed for or received a Social Security number card before? | ☐ Yes (If "yes", answer questions 11-13.) | ☐ No (If "no," go on to question 14.) | ☐ Don't Know (If "don't know," go on to question 14.) |
| 11 | Enter the Social Security number previously assigned to the person listed in item 1. | ___ - __ - ____ | | |
| 12 | Enter the name shown on the most recent Social Security card issued for the person listed in item 1. | First | Middle Name | Last |
| 13 | Enter any different date of birth if used on an earlier application for a card. | Month, Day, Year | | |
| 14 | **TODAY'S DATE** Month, Day, Year | 15 **DAYTIME PHONE NUMBER** | ( ) - Area Code | Number |

**I declare under penalty of perjury that I have examined all the information on this form, and on any accompanying statements or forms, and it is true and correct to the best of my knowledge.**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 16 | **YOUR SIGNATURE** | 17 **YOUR RELATIONSHIP TO THE PERSON IN ITEM 1 IS:** | ☐ Self ☐ Natural Or Adoptive Parent ☐ Legal Guardian | ☐ Other (Specify) |

DO NOT WRITE BELOW THIS LINE (FOR SSA USE ONLY)

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| NPN | | DOC | | NTI | CAN | | | ITV |
| PBC | EVI | EVA | EVC | PRA | NWR | DNR | UNIT | |
| EVIDENCE SUBMITTED | | | | | SIGNATURE AND TITLE OF EMPLOYEE(S) REVIEWING EVIDENCE AND/OR CONDUCTING INTERVIEW | | | |
| | | | | | DATE | | | |
| | | | | | DCL | | DATE | |